# Ang mabuting biyoseguridad

Kahit na may-ari kayo ng isang malaking ari-riang rural na may hayupan at taniman o may-ari kayo ng maliit na taniman ng gulay na nagrarasyon sa mga pamilihan, kayo ay bahagi ng industriya sa pagsasaka ng Australya.

Ligtas ang Australya sa maraming sakit ng hayop at peste ng mga halaman na nararanasan sa ibang bansa, ngunit mayroon pa ring ilang maaaring magbigay ng malaking panganib sa ating mga industriya sa pagsasaka, lokal na komunidad at indibidwal.

Ito ang dahilan kung bakit ang mahusay na biyoseguridad ay napakahalaga.

Ang mga sumusunod na polyetong pang-impormasyon ay nagbibigay ng simpleng paraan na maaari ninyong gamitin upang makatulong na protektahan ang inyong mga hayop at produkto laban sa sakit. Maaaring ginagawa na ninyo ang ilan sa mga paraang ito, ngunit maaaring may ilang hindi ninyo pa alam. Isang pahina ng listahan ng matatawagan ay kasama rin nito.

### Ano nga ba ang biyoseguridad?

Ang biyoseguridad ay nagbibigay ng proteksiyon sa kabuhayan, kapaligiran at sa kalusugan ng tao laban sa mga peste at sakit.

Kasama nito ang paraan na pigilin ang bagong mga peste at sakit na pumasok, at pigilin ang pagkalat nito kung lumitaw man sa Australya. Ang Australya ay may nakahandang matatag na panlaban sa mga paglitaw na ito ng peste at sakit.

### Bakit mahalaga ang biyoseguridad?

- Ang mga eksport pansakahan ng Australya ay kumikita ng $31 bilyon bawat taon.
- Ang isang kaso ng malubhang sakit o peste ay maaaring magpatigil sa bilihan at matinding maapektuhan ang mga trabaho ng mga magsasaka at ng mga komunidad, kasama na ang mga hindi tuwirang kasangkot sa pagsasaka.
- Maaaring umabot ng $12 bilyon ang gastos ng bansa sa paglitaw ng sakit sa paa at bibig (*foot and mouth*)
- Ang ilang peste at sakit ay nakakaapekto sa mga halaman at hayop.
- Ang bagong sakit ng hayop na maaaring kumalat sa mga tao tulad ng trangkasong pang-ibon (bird flu), SARS o Nipah bayrus ay maaaring makaapekto sa kalusugan, edukasyon, ospitaliti, paglalakbay, turismo at pagnenegosyo sa Australya.
- Ang taunang gastos sa pagkontrol ng mga peste at sakit ng halaman ay nasa pagitan ng $700 milyon at $2 bilyon.
- Ang nakakaligtas na mga uri ng halaman tulad ng damo, mga hayop na gala at peste ay siyang pinakapanganib sa pagkakaiba ng mga halaman at hayop o saribuhay (*biodiversity)* ng Australya.

**Ano ang inyong magagawa upang mabawasan ang paglitaw ng peste at sakit.**

May mga simple at makatwirang paraan sa biyoseguridad na maaari ninyong gamitin:

- Alamin kung ano ang hahanapin at iulat kaagad ang anumang tanda ng peste at sakit ng hayop at halaman.
- Siyasatin ang pinagmulan ng mga bagay na pumapasok at lumalabas sa inyong mga ari-arian upang alamin kung ito ay may mga dalang panganib na sakit o insekto.
- Huwag magdala ng kagamitang pansaka sa inyong ari-arian na walang katiyakan ang kalinisan nito at tiyaking walang lupa o kontaminasyong dala.
- Gamitin ang pinakamataas na antas ng kalinisang personal at magdisimpekta kung ginagamit ang mga hayop na sa inyong palagay ay may-sakit o ang pinaghihinalaang halaman o lupa.
- Huwag ipakain ang mga natirang pagkain sa mga hayop sa sakahan, lalo na ang kaning-baboy sa mga baboy. Ang mga tirang gulay ay maaari ngunit ang karne ay ilegal.
- Ibukod ang mga hayop na bago at tingnan ang kanilang kalusugan sa loob ng 10 araw bago isama ang mga ito sa inyong pinamamahalaang mga hayop.
- Itakda ang bilang ng mga bisita sa inyong hayupan at halamanan.
- Kung naghihinala kayo ng isang sakit, ibukod ang maysakit na hayop at huwag bumista sa kalapit na taniman hanggang tiyak na ang dahilan nito – makakatulong ito sa hindi pagkalat ang sakit.
- Huwag payagang magsama ang ligaw na ibon at ang inyong ibon at poltri. Tiyakin na ang mga ligaw na ibon ay hindi makakalapit sa pagkain ng ibon at tubig.
- Gumamit lamang ng sertipikadong butong pananim na ‘libre sa mga peste’ at mga gamit sa propagasyon.
- Huwag magdala ng halaman mula sa ibang bansa na walang kaukulang permiso.
- Kung pag-aari ninyo ang malaking ari-arian, kung maaari ay gumawa kayo ng isang ‘buffer zone’ sa pagitan ninyo at ng inyong kapitbahay tulad ng dobleng bakod at pampigil sa malakas na hangin.

## Para sa dagdag na impormasyon

Bisitahin ang **www.daff.gov.au/biosecurity** o tawagan ang Kagawaran ng Pagsasaka, Pangisdaan, at Kagubatan ng Pamahalaang Australya sa **(02) 6272 3130**.

# Kalusugan ng hayop at biyoseguridad

Kayo man ay isang may-ari ng malaking hayupan o mayroon lamang ilang alagang hayop sa inyong bakuran, ang lahat ay may mahalagang papel na gagampanan upang protektahan ang mga hayop laban sa sakit.

Ang isang kaso lang ng malaking sakit ng hayop ay maaaring makasira sa buong industriya, at magkakahalaga ng bilyon-bilyong dolyar at libo-libong trabaho.

Ang sakit ay naikakalat sa pamamagitan ng pagkadikit ng hayop, kagat at kamot. Ang hangin, dumi ng ibon, damit, sapin sa paa, balat, uhog, tulugan, lalagyan ng pagkain at tubig, sasakyan at kagamitan ay maaaring magdala at magkalat ang sakit.

Ang mga narumihang karne, itlog at mga produkto ng gatas ay maaari ding magkalat ng sakit.

Ang ilang sakit ng hayop ay maaaring mailipat sa tao at maging sanhi ng malubhang impeksiyon.

Kilala ninyo ang inyong mga hayop at alam ninyo kung kailan mag-aalala. Ang mga di pangkaraniwang tanda na dapat hanapin at iulat ay:

- mga hindi maipaliwanag na kamatayan
- mga hapdi o ulser
- sobrang pagtutulo ng laway
- pagtatae, lalo na ang may dugo
- maraming lumalabas sa alinmang butas tulad ng mula sa ilong
- hindi gumagalaw na mga hayop
- mga hayop na hindi kumikilos ng maayos o walang ganang kumain
- matinding pagbaba ng produksiyon tulad ng gatas mula sa mga baka o itlog sa mga manok
- hindi gumagalaw na mga hayop
- gumigiray o babagsak na ulo
- matinding pagkapilay, at
- hindi makatayo.

Kontakin ang beterinaryo kung makita ninyo ang alinman sa mga tandang ito sa inyong mga hayop o kahit anuman na hindi ordinaryo na **hindi maipaliwanag ng ibang mga bagay.**

**Ano ang magagawa ninyo upang mabawasan ang paglitaw ng mga sakit**

- Alamin kung ano ang hahanapin at kaagad iulat ang tanda ng sakit ng hayop.
- Tingnan ang pinagmulan ng mga bagay na pumapasok at lumalabas sa inyong ari-arian upang tantiyahin ang panganib nito sa sakit.

- Ihiwalay ang mga bagong hayop at suriin ang kanilang kalusugan sa loob ng 10 araw bago isama ito sa mga inaalagaang hayop.
- Bawasan ang bilang ng mga dumadalaw sa inyong inaalagaang hayop.
- Huwag pakainin ng tirang pagkain ang mga hayop, lalo na ng kaning-baboy para sa mga baboy. Ang mga tirang gulay ay maaari ngunit ang karne ay ilegal.
- Palaging hugasan ang inyong mga kamay ng sabon at mainit na tubig, at ang mga damit at sapin sa paa ng pangdisimpekta kung nag-aalaga kayo ng hayop na sa akala ninyo ay may karamdaman.
- Kung sa akala ninyo ay may sakit ito, ihiwalay ang maysakit na hayop at huwag kayong dumalaw sa ari-arian ng inyong kapitbahay hangga't hindi nakikita ang dahilan – maiiwasan nito ang pagkalat ng sakit.
- Huwag payagang makahalo ang mga ligaw na ibon sa inyong alagang ibon o poltri. Tiyakin na ang mga ligaw na ibon ay hindi makakakuha ng inyong pagkain at tubig.
- Pigilin ang pagdami ng bermin at mga hayop na peste.
- Hingin ang katibayan ng pagbakuna o kalagayan ng sakit kung bumibili ng mga hayop.

**Para sa malalaking mga ari-arian**

- Kung maaari, gumawa ng isang 'buffer zone' sa pagitan ninyo at ng inyong kapitbahay tulad ng pagbabakod at pampigil ng hangin.
- Huwag magdadala ng mga gamit pansakahan sa inyong ari-arian na hindi natitiyak na ito ay malinis at walang lupa o kontaminasyon.
- Linisin at disimpektahan ang mga gamit sa pagbabakuna.
- Magtago ng mga ulat sa kilos, papasok at papalabas sa inyong ari-arian (para sa dagdag na impormasyon sa Pambansang Sistema ng Pagkilala sa Hayupan (National Livestock Identification Scheme) bisitahin ang www.mla.com.au/nlis).

**Upang mag-ulat na bagay na kakaiba, mangyaring tawagan:**

Hotline sa Emerhensiya sa Sakit ng Hayop **1800 675 888**

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa kalusugan ng hayop at iba pang kaugnay na impormasyon, bisitahin ang, **www.daff.gov.au/piaph**

# Kalusugan ng Halaman at biyoseguridad

May ilan ba sa inyong mga halaman ang naiiba o abnormal? Ang mga halaman ay maaaring magkaroon ng naiibang hugis ng dahon o prutas. Sa karamihan, ito ay normal na pagkakaiba-iba ngunit makabubuting tingnan at siyasatin kung mayroon man kayong pagbabagong ngayon lamang nakita – lalo na kung apektado ang ilang mga halaman. Malalaman ninyo sa pamamagitan ng karanasan kung ano ang normal – lalo na kung ginugugol ninyo ang inyong panahon sa pagsisiyasat ng inyong mga tanim sa panahon ng pagtatanim.

Maaaring may di-pangkaraniwang peste o sakit na hindi maipaliwanag sa halaman, kasama sa mga tanda na dapat hanapin:

- pagkamatay ng halaman
- pagkamatay ng bagong sibol, nalalanta
- nawawalan ng sigla o mahinang produksiyon, paninilaw o nagiging bansot – lalo na kung may patse
- mahinang pagsibol
- kulay na mantsa sa mga dahon
- kakaibang marka o kulay sa mga dahon, sanga o prutas, at
- nakukulot na dahon.

**Ano ang magagawa ninyo upang bawasan ang paglitaw ng peste at sakit**

- Kilalanin ninyo ang mga peste at sakit, na nakakaapekto sa inyong tanim at kaagad iulat ang anumang kakaibang peste at sakit ng halaman.
- Alamin ang kalagayang pangkalusugan ng halaman na papasok sa inyong ari-arian. Kung hindi kayo nakatitiyak, ihiwalay ito hanggang malaman na ito ay malinis.
- Bawasan ang bisita sa inyong taniman – ito ay nakakabawas ng pagkasira ng tanim at maaaring mapigil na magkaroon ng sakit at peste mula sa mga sapatos.
- Tiyakin na ang gamit sa pagsasaka na darating sa inyong ari-arian ay malinis at walang lupa o mga nagdadala ng kontaminasyon tulad ng halaman o buto.
- Hugasan ang inyong mga kamay, damit at gamit matapos na humawak sa pinaghihinalaang halaman o lupa.
- Gumamit ng pinatunayang mga butong pananim na ‘ligtas sa peste’ o malulusog na pananim.
- Huwag magdala ng halamang galing sa ibang bansa na walang nararapat na permiso.

**Upang mag-ulat ng anumang naiiba, tawagan po lamang:**

Hotline ng Peste ng Halamang Banyaga **1800 084 881**

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa kalusugan ng halaman at ibang kaugnay na impormasyon, bisitahin ang **www.daff.gov.au/piaph**

# Trangkasong Pang-Ibon (Bird Flu)

Ang pag-aalaga ng poltri at mga ibon ay popular na libangan ng maraming Australyano. Kailangang alam ninyo na ang trangkasong abyan o trangkasong pang-ibon (bird flu) ay nananatiling panganib sa mga ibon ng Australya. Habang ang panganib ng sakit na banyaga tulad ng 'bird flu (trangkasong pang-ibon)' na makarating dito sa Australya ay maliit, kailangan pa rin na ang lahat ng may-ari ng mga ibon ay manatiling nagbabantay sa mga tanda ng sakit.

Kasama sa mga tanda na hahanapin:

- pamamaga ng ulo
- pagliit ng bilang ng pangingitlog
- nahihirapang huminga
- nagtatae
- nag-aatubiling kumilos, kumain o uminom
- nanlalata
- hindi makapaglakad o makatayo
- kakaibang postura ng ulo at leeg
- panghihina, at
- dagliang pagkamatay ng ilang ibon.

Ang lahat ng ibon ay maaaring madaling kapitan ng trangkasong abyan at ito ay nakita na sa mahigit sa 140 uri ng ibon, kasama na ang manok, pabo, peasant, partridge, pugo, itik, gansa, labuyo, ostrits, at marami pang ibang ligaw na ibon.

Kung nagbebenta kayo ng poltri at itlog sa isang pamilihan ng magsasaka (**farmers' market)**

Kung maaari, gumamit ng bagong karton sa pagtitinda ng itlog dahil ang nagamit nang karton ng itlog ay maaaring magkalat ng sakit. Kung gagamit ka ng gamit nang mga karton, itago ito na malayo sa mga ibon at palaging hugasan ang inyong mga kamay pagkahawak ng karton bago ninyo hawakan ang inyong mga ibon.

Palaging sundin ang mabuting personal na kalinisan sa paghawak ng karne ng poltri at mga itlog.

**Sa bahay**

- Panatiliing malinis ang inyong mga gamit at bakuran ng poltri o kulungan ng ibon.
- Iwasang magkadikit ang inyong mga ibon at mga ligaw na ibon.
- Huwag payagang mahawahan ang pagkain at tubig ng mga tae o ibang dumi ng hayop.
- Tiyakin na ang lahat ng inuming tubig ng inyong mga ibon ay mula sa sistema ng tubig ng bayan o bukal sa lupa o nilagyan ng klorin.
- Bawasan ang mga bisita ng inyong mga ibon.

- Kung kayo ay magtutungo sa mga pagtatanghal ng mga ibon, huwag ninyong papayagang tuwirang makihalubilo ang inyong ibon sa ibang ibon.
- Gawing ugali ang mabuting kalinisang personal matapos na humawak ng mga ibon.
- Ihiwalay ang bagong mga ibon ng 10 araw bago ito isama sa inyong mga ibon.
- Alamin ang mga tanda ng sakit.

Kung ang ilan sa inyong mga ibon ay nagkasakit o namatay, iulat ito kaagad sa inyong lokal na beterinaryo, lokal na kagawaran ng pangunahing industriya o pagsasaka, o sa hotline ng Emergensiya sa Sakit ng Hayop (Emergency Animal Disease) sa **1800 675 888**. Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa trangkasong pang-ibon (bird flu), bisitahin ang **www.daff.gov.au/birdflu**

# Ano ang ginagawa ng Pamahalaang Australya tungkol sa biyoseguridad?

Ang Pamahalaan ng Australya ay gumagastos ng malaki upang protektahan ang kalusugan ng mga hayop at halaman ng Australya sa pamamagitan ng mga gawaing paghahadlang bago dumating sa hangganan, sa mismong hangganan at makalampas ng hangganan ng Australya.

### Bago dumating sa hangganan

Ang mga gawain ng Australya bago dumating sa hangganan ay nakababawas ng panganib sa mga peste at sakit sa ibang bansa na makapasok sa Australya. Ang unang linya ng paglaban sa panganib sa Australya ay ang tulungan ang ating mga kalapit-bansa na mapaunlad ang kanilang sariling biyoseguridad. Bahagi ng mga gawaing paghahadlang bago dumating sa hangganan ay ang pakikilahok sa pagbuo ng mga pamantayan sa pangangalakal, pagtataya ng panganib sa mga inaangkat, pagtatayo ng kuwarentena sa labas ng bansa at ang pagbibigay ng proteksyon sa hilagang hangganan ng Australya laban sa pagpasok ng peste at sakit.

Ang pagmamanman at pagsusubaybay sa mga peste at sakit sa hilagang Australya ay isa sa pangunahing gawain ng Stratehiya ng Kuwarentena ng Hilagang Australya (Northern Australia Quarantine Strategy o NAQS).  Ang NAQS ang siyang kasalukuyang nagpapatupad sa mga kampanya tungkol sa kaalaman sa kuwarentena at kalahok nila ang mga katutubong hilagang komunidad at kalapit-bansa sa mga inisyatibo sa kuwarentena. Ginagawa ng NAQS ang sarbey ng mga pook (sa loob at labas ng bansa) na madaling magkaroon ng mga peste at sakit na banyaga, at minatyagan ang mga pook na ito sa paggamit ng mga bitag at tanod na hayop.

### Hangganan

Sa hangganan, nahaharang ng Serbisyo sa Pagsisiyasat at Kuwarenta ng Australya o (AQIS) ang mga posibleng panganib sa agrikultura, kapaligiran ng Australya at ang panganib na dala ng pagkain sa kalusugang pambayan.

Ang AQIS ang siyang nagsisiyasat sa mga pumapasok na bagahe, kargo, koreo, mga hayop at halaman at ang kanilang mga produkto. Lahat ng pumpasok na koreo mula sa ibang bansa ay ipinaiilalim sa kuwarentenang pagsisiyasat. Ang mga bagahe ng mga dumarating na pasaherong internasyonal ay maaaring idaan sa eksrey, buksan o paraanin sa mga aso na sinanay na makatuklas ng mga bagay na mapanganib.

Ang mga produkto ng gatas at itlog, mga halaman, produkto ng hayop, buhay na hayop, mga buto ng halaman at nuwes, at mga sariwang prutas at gulay ay karaniwang pinapayagang makapasok sa bansa kung may kinuhang Permiso sa Pag-angkat mula sa AQIS bago ito dumating. Ang anumang bagay na walang permiso ay kinukumpiska at sinisira.

### Makalampas ng Hangganan

Ang mga gawaing paghahadlang makalampas ng hangganan ng Australya ay nakatutok sa maagang pagtuklas at pagsagot sa mga panganib ng peste at sakit, ito man ay banyaga o nasa loob na ng Australya.

Ang Australya ay may mahusay na naitatag na plano upang pamahalaan ang emerhensiya sa paglitaw ng peste at sakit ng hayop, halaman, hayop sa tubig at mga insidente sa kaligtasan ng pagkain. Ang mga estado at teritoryo ang may responsabilidad sa pagsugpo at pagtanggal ng mga peste at sakit sa loob ng hangganan ng kanilang lugar. Ang Pamahalaan ng Australya ang siyang namamahala sa koordinasyon sa pagitan ng mga estado at teritoryo at mga suliraning internasyonal.

Para sa dagdag na impormasyon, bisitahin ang **www.aqis.gov.au o www.daff.gov.au/piaph**

# Mga makakausap

## Pamahalaang Pederal

**Ang Kagawaran ng Pagsasaka, Pangisdaan at Kagubatan ng Pamahalaan ng Australya**
www.daff.gov.au/piaph Ph: 02 6272 3933 Email: mediacentre@daff.gov.au

Para sa pinakabagong impormasyon sa paglitaw ng mga peste at sakit, bisitahin ang www.outbreak.gov.au

## Mga Pamahalaan ng Estado at Teritoryo

**Kagawaran ng Pangunahing mga Industriya ng Victoria**
www.dpi.vic.gov.au Ph: 136 186
Email: customer.service@dpi.vic.gov.au

**Kagawaran ng Pangunahing mga Industriya ng New South Wales**
www.dpi.nsw.gov.au Ph: 02 6391 3100
Email: nsw.agriculture@dpi.nsw.gov.au

**Kagawaran ng Pangunahing mga Industriya at Pangisdaan ng Queensland**
www.dpi.qld.gov.au Ph: 13 25 23
Email: callweb@dpi.qld.gov.au

**Kagawaran ng Pagsasaka at Pagkain ng Western Australia**
www.agric.wa.gov.au Ph: 08 9368 3333
Email: enquiries@agric.wa.gov.au

**Kagawaran ng Pangunahing mga Industriya at Likas Yaman ng South Australia**
www.pir.sa.gov.au Ph: 08 8226 0222

**Kagawaran ng Pangunahing mga Industriya at Tubig ng Tasmania**
www.dpiw.tas.gov.au Ph: 1300 368 550
Email: BPI.Enquiries@dpiw.tas.gov.au

**Mga Serbisyong Munisipal ng Australian Capital Territory**
www.act.gov.au Ph: 13 2281

**Kagawaran ng Pangunahing Industriya, Pangisdaan, at Pagmimina ng Northern Territory**
www.primaryindustry.nt.gov.au Ph: 08 8999 5511 Email: info.DPIFM@nt.gov.au

## Mga Tanggapan ng Industriya

**Kalusugan ng Hayop ng Australya**
www.animalhealthaustralia.com.au Ph: 02 6232 5522
Email: aha@animalhealthaustralia.com.au

**Kalusugan ng Halaman ng Australya**
www.planthealthaustralia.com.au Ph: 02 6260 4322 Email: admin@phau.com.au

**Mga Pamantayan sa Pagkain ng Australya at New Zealand**
www.foodstandards.gov.au Advice line: 1300 652 166
Email: advice@fsanz.gov.au

## Mga Hotlines sa emerhensiyang mga sakit ng hayop at halaman

1800 675 888 para sa **ibon at hayupan**

1800 084 881 para sa mga **halaman**

# Pamilihan ng mga Magsasaka (Farmers' markets)

Ang mga pamilihan ng mga magsasaka ay pinakamabuting paraan upang maipagbili ng tuwiran ng mga magsasaka sa publiko ang kanilang mga paninda at, dahil dito, ang mga mamimili ay nasisiyahan na makabili ng sariwang produkto na tuwirang nanggaling sa mga magsasaka.

Sa paglaki ng mga pamilihan ng mga magsasaka sa Australya, ang mga pamilihang ito ay maaaring maging sanhi ng pagkalat ng mga peste at sakit ng hayop at halaman. Ito ang dahilan kung bakit nakapakahalaga ng biyoseguridad.

### Sa pamilihan ng mga magsasaka

- Huwag makigamit ng mga kagamitan ng ibang may puwesto kung hindi tiyak na ito ay malinis at walang lupa o kontaminasyon, at nadisimpektang mga kagamitan at lalagyan.
- Huwag isasama ang mga paninda ng ibang may puwesto sa inyong paninda, palaging ihiwalay ito.
- Tiyakin na ang paninda na inyong ipinagbibili ay sariwa at mataas ang kalidad.
- Ugaliin ang mahusay na kalinisang personal at panatiliing malinis ang inyong puwesto dahil baka ang sakit ay dala ng damit, sapin sa paa at balat.

### Kaligtasan ng pagkain at ang inyong responsabilidad

- Ang kailangang lisensiya sa pagkain ay magkaka-iba sa mga estado at teritoryo. Ang mga namamahala sa mga pamilihan ng mga magsasaka ay nakikipagtulungan sa pamahalaang lokal upang tiyakin na ang mga may hawak ng mga puwesto ay nakatugon sa mga kailangang obligasyon sa pagtitinda at kailangang lisensiya. Makipag-usap sa namamahala ng inyong pamilihan ng mga magsasaka para sa dagdag na impormasyon kung hindi kayo nakatitiyak.

### Pagdating ninyo sa bahay

- Disimpektahin ang inyong mga kagamitan na gamit ang pambahay na pag-didisimpekta.
- Bantayan at madaliang iulat ang mga tanda ng sakit ng hayop at halaman (tingnan ang kalakip).

**Ang mga pahiwatig at ang mga nakalista sa polyetong pang-impormasyon na *good biosecurity* (mabuting biyoseguridad) ay makakatulong ng malaki sa pagbibigay ng proteksiyon sa ating industriya ng pagsasaka laban sa mga peste at sakit.**

### Para sa dagdag na impormasyon

Bisitahin ang **www.daff.gov.au/biosecurity** o tawagan ang Kagawaran ng Pagsasaka, Pangisdaan at Kagubatan ng Pamahalaan ng Australya sa **(02) 6272 3130**.